



Services of the San Francisco
Public Utilities Commission

APLIKASYON para sa Community Assistance Program Para sa Kostumer ng SFPUC Power Low-Income Housing¹



Pahina 1 ng 4

Maraming salamat sa iyong interes na mag-enrol sa Community Assistance Program (CAP). Matapos maaprubahan ang aplikasyon, ang mga kalipikado ay tumatanggap ng SFPUC's Low-Income Residential Service Schedule R-2. Rebyuhin ang Gabay at Kalipikasyon bago punan ang pormularyong ito.

Impormasyon ng Aplikante: Bago Muling pag-aaplay (Renewal)

Account Number sa Kuryente ng SFPUC Customer

Pangalan ng SFPUC Customer (tulad ng nakasulat sa bill ng kuryente)

Tirahan (Adres): _____

Telepono: _____ Iba pang Kontak at Email: _____

Bilang ng taong nakatira sa bahay: _____ Kabuoang taunang kita ng buong pamilya: \$ _____

#	Pamantayan sa Kalipikasyon	Lagyan ng tsek kung oo
1	Ang bill ng kuryente ay nakapangalan sa aplikante.	
2	Ang aplikante ay residente ng adres na nakasulat sa itaas.	
3	Iisa lamang ang akawnt sa kuryente ng aplikante.	
4	Ang aplikante ay hindi nakatala bilang <i>dependent</i> sa tax return ng ibang tao.	
5	Sumasang-ayon ang aplikante na bayaran ang kaniyang bill sa tamang oras.	
6	Ang kabuoang kita ng pamilya ng aplikante ay HINDI hihigit sa gabay sa kita ng SFPUC.	
7	Ang kabuoang halaga ng taunang bill sa kuryente ng aplikante ay HINDI hihigit sa 5% ng pinagsamang taunang kita ng pamilya.	
8	Kinakailangang abisuhan ng aplikante ang SFPUC sa pagkakataong hindi na siya kalipikado sa diskuwento.	
9	Kinakailangang magbigay ng patunay ng kita (proof of income) at ng patunay ng paninirahan (proof of occupancy) ng bawat kasapi ng pamilya sa pagkakataong hingin ito ng SFPUC.	
10	Kinakailangang muling mag-aaplay ng aplikante matapos ang dala tatlo taon.	

Deklarasyon ng Aplikante: Kaakibat ng aking lagda sa ilalim ang patunay na kalipikado ako sa lahat ng kahingang nakasulat sa itaas, kasama ang sa gabay sa kita ng CAP (CAP Income Eligibility), at ang lahat ng impormasyong lakip ng aplikasyon ko ay tama at tunay. Sumasang-ayon akong abisuhan kaagad ang SFPUC sa alinmang pagbabago sa aking pamilya na makaaapekto sa aking diskuwento. Nauunawaan ko na matapos ang enrolment, ang akawnt ko ay maaaring mapili sa random na pagrerebyu at sumasang-ayon akong ibibigay ko ang alinmang hihinging karagdagang impormasyon. Sa pagkakataong hindi ko ito sundin, o 'di kaya ay makatanggap ako ng diskuwento subalit hindi ako kalipikado, ay maaari akong pagbayarin ng halagang tumbas sa lahat ng diskuwentong aking natanggap at maaari akong alisin sa programa.

X _____
Lagda ng Aplikante

_____ Petsa

Deklarasyon ng Kompanya ng Namamahala ng Ari-Arian (Property Management Company): Kaakibat ng aking lagda sa ilalim ang patunay na ang nangungupahan na nakasulat sa itaas ay tumatanggap ng pabahay para sa mga may mababang kita (Low-Income Housing), at na ang kita ng buong pamilya, pati ang bilang ng kasapi nito, at tama at tunay.

X _____
Lagda (Tagapangasiwa ng Ari-Arian/Awtorisadong Kinatawan)

_____ Petsa

_____ Pangalan (Tagapangasiwa ng Ari-Arian/Awtorisadong Kinatawan)

_____ Email

_____ Pangalan ng Kompanya

_____ Telepono

_____ Adres ng Kompanya

Ipadala ang kumpletong aplikasyon sa: **San Francisco Water, Power and Sewer**

¹ Lakip sa Low-Income Housing (Pabahay para sa May Mababang Kita) ang mga apartment na mula sa HUD, mga pampublikong pabahay, at ang mga kreditong pabahay para sa may mababang buwis (income tax).



Services of the San Francisco
Public Utilities Commission

APLIKASYON para sa Community Assistance Program Para sa Kostumer ng SFPUC Power Low-Income Housing¹



Pahina 2 ng 4

**Attention: Customer Services – Retail Services
525 Golden Gate Avenue, Third Floor, San Francisco, CA 94102**

Apat hanggang anim na linggo sa proseso. Maaaring umabot hanggang sa dalawang (2) buong siklo ng bill bago makatanggap ng diskuwento ang mga kalipikadong aplikante. Para sa iba pang impormasyon, tumawag sa (415) 551-4720.

¹ Lakip sa Low-Income Housing (Pabahay para sa May Mababang Kita) ang mga apartment na mula sa HUD, mga pampublikong pabahay, at ang mga kreditong pabahay para sa may mababang buwis (income tax).

GABAY AT KALIPIKASYON

Ang Community Assistance Program (CAP) para sa pinababang halaga ng kuryente sa bawat *Schedule R-2* ay pinalawig para sa mga kalipikadong kostumer na naninirahan sa mga programang pabahay para sa may mababang kita (low-income housing) na mayroong sariling kuntador ng kuryente. Kapalit ng mga pederal na dokumentong pambuwis (federal tax return documents), ay kinakailangan lamang ipasa ng mga kostumer ang aplikasyong nilagdaan ng awtorisadong kinatawan ng kompanyang tagapangasiwa ng ari-arian bilang pagpapatunay na ang aplikante ng CAP ay kalipikado alinsunod sa gabay na nakasulat sa ilalim. Para sa mga aplikanteng patuloy na nakatatanggap ng diskuwento, kinakailangan niya muling mag-aplay at magsumite ng mga kahingian kada dala tatlo taon. Ang mga aplikanteng hindi makasusunod sa Gabay at Kalipikasyon sa panahong sakop ng pagtanggap ng diskuwento (isa o dala tatlo taon) ay agarang aalisin sa programa at pagbabayaran ng halagang tumbas sa mga tinamasang diskuwento.

Mga Pabahay para sa May Mababang Kita na may Sariling Kuntador (Residential, Multi-Unit)

Ang mga nangungupahan sa mga pabahay para sa may mababang kita (residential, multi-unit) sa San Francisco, na nagbabayad ng sariling bill ng kuryente, ay kalipikadong lumahok sa CAP, basta't sila ay kalipikado sa LAHAT ng kahingian ng SFPUC. Ang bawat yunit ng bahay ay dapat na mayroong sariling kuntador.

Tuntunin ng Programa

- Ang bill ng kuryente ay dapat na nakapangalan sa aplikante ng CAP.
- lisa lamang dapat ang akawnt sa kuryente ng aplikante.
- Ang aplikante ay residente dapat ng adres na tatanggap ng diskuwento.
- Ang aplikante ay hindi dapat nakatala bilang dependent sa tax return ng ibang tao.
- Ang akawnt ng aplikante ay dapat na aktibo sa kasalukuyan at walang utang na hihigit sa 90 araw.
- Ang kabuoang kita ng pamilya ng aplikante ay hindi dapat hihigit sa nakapaskil na gabay sa kita.
- Ang kabuoang halaga ng taunang bill sa kuryente ng aplikante ay hindi dapat hihigit sa 5% ng pinagsamang taunang kita ng pamilya.
- Dapat na abisuhan ng aplikante ang SFPUC sa pagkakataong hindi na siya kalipikado sa diskuwento.
- Dapat magbigay ang aplikante ng patunay ng kita (proof of income) at ng patunay ng paninirahan (proof of occupancy) ng bawat kasapi ng pamilya sa pagkakataong hingin ito ng SFPUC.
- Dapat muling mag-aplay ng aplikante matapos ang dala tatlo taon.

Gabay at Kalipikasyon sa Kita

Ang kalipikasyon para sa CAP ay nakabatay sa taunang kita ng buong pamilya ng aplikante. Ang gabay sa kita ay batay sa Gabay sa Kahirapan ng U.S. Department of Health and Human Services (HHS) para sa 48 Estado at Distrito ng Columbia. Taon-taong ginagawa at ina-update ng SFPUC ang Gabay at Kalipikasyon sa Kita batay sa publikasyon ng HHS na epektibo kada Hulyo 1 ng bawat taon.

Gabay at Kalipikasyon sa Kita para sa taong piskal, mula Hulyo 1, 2019 – Hunyo 30, 2020 ay nakasulat sa ibaba:

Bilang ng Tao sa Pamilya	Kabuoang Pinagsamang Kita ng Pamilya (Gross)
1 or 2	\$34,480
3	\$43,440
4	\$52,400
5	\$61,960
Idaragdag sa bawat dagdag na kasapi ng pamilya:	\$8,960

Pagpapatibay ng Kita

Ang *Kita ng Pamilya* ay nangangahulugang kabuoang pinagsamang kita ng **LAHAT** ng miyembro ng pamilyang nakatira sa iisang bahay, kahit pa ito'y binubuwisan o hindi. Kasama sa *gross income* ang lahat ng kita mula sa: suweldo (wages at salaries), pensiyon, benepisyo ng walang hanapbuhay (unemployment benefits), kabayaran sa kapansanan (disability payments), sahod ng naghahanapbuhay (workers' compensation), kita (gross) mula sa pansariling negosyo (self-employment, IRS Form 1040 Schedule C), suporta sa anak o asawa, nakuhang salapi (proceeds) – sales price (IRS form 1040 Schedule D), interes o dibidendo mula sa ipunang akawnt (savings account), stocks, bonds, akawnt sa pagreretiro, renta o royalty (royalty income), kinitang pera o regalo, iskolarsyip, grant, seguro (insurance) o legal na kasunduan (settlements), social security, SSI, SSP, pampagkaing selyo (food stamps), o TANF (AFDC), o iba pang ayuda para sa araw-araw na pamumuhay.

Pagpapatibay ng Paninirahan

Kahit pa hindi hinihingi ng SFPUC sa mga aplikante ang detalye ng kita at mga suportang dokumento ng bawat kasapi ng pamilya, ay mayroon pa ring karapatan ang SFPUC na humingi ng karagdagang detalye tulad ng patunay ng paninirahan at/o kopya ng binabayaran buwis (income tax returns) ng bawat kasapi ng pamilya.

¹ Lakip sa Low-Income Housing (Pabahay para sa May Mababang Kita) ang mga apartment na mula sa HUD, mga pampublikong pabahay, at ang mga kreditong pabahay para sa may mababang buwis (income tax).



Services of the San Francisco
Public Utilities Commission

APLIKASYON para sa Community Assistance Program Para sa Kostumer ng SFPUC Power Low-Income Housing¹



Pahina 4 ng 4

Kalipikasyon sa Muling Pag-aplay sa CAP

Ang mga kostumer na natanggap at naka-enrol sa programa ay kinakailangang muling mag-aplay kada dala tatlo taon. Para patuloy na makatanggap ng diskuwento, nararapat na maabot ng aplikante ang kalipikasyon sa kita batay sa bilang ng mga naninirahan sa bahay at iba pang kahingi pang nakasulat sa tuntunin ng programa. Ang sinomang makikitang hindi *na* kalipikado o 'di kaya'y lumabag sa tuntunin habang tumatanggap ng diskuwento, ay agad na aalisin sa programa at pagbabayaran ng halagang tumbas sa mga tinamang diskuwento noong mga nagdaang taong mapatunayang hindi na siya kalipikado.

May karapatan ang SFPUC na humingi ng karagdagang dokumento sa alinmang oras upang masigurong ang aplikante ay kalipikado sa kahingian ng CAP para sa diskuwento.

¹ Lakip sa Low-Income Housing (Pabahay para sa May Mababang Kita) ang mga apartment na mula sa HUD, mga pampublikong pabahay, at ang mga kreditong pabahay para sa may mababang buwis (income tax).